**Part 3: Ang Tungkol sa Tao**

## 3.2 ANG TAO AY MAY KALAYAAN

Sa simula ay nilikha ng Diyos ang langit at lupa. Subalit ang lupa ay hungkag, walang porma sapagkat ang Diyos ay may designated gardener, ang tao. Nilagay ng Diyos ang tao sa Hardin ng Eden upang ito ay pagyamanin at alagaan. Take note na sa simula pa lamang ay mayroon nang trabaho ang tao. Tunay na malaya ang tao na tuparin ang layuning pinagkaloob sa kanya ng Diyos sa anumang kaparaanang maisip niya.

**TIME OUT**

1. Sino ang designated gardener ng Diyos?

   ______________________________________________

2. Bakit nilagay ng Diyos ang tao sa Hardin ng Eden?

   ______________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Ang aking depinisyon ng kalayaan ay: |
| | Binigyan ka ba ng Diyos ng pananagutan sa buhay, dahil: |

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang maikling kwento at sagutin ang mga tanong.




Ang Halaman ng Eden
Genesis 2:1-17
Pagkatapos likhain ng Diyos ang lahat ng bagay sa lupa at sa langit, nilikha naman Niya ang tao. Ito ay nilikha mula sa alabok, hiningahan Niya sa ilong at nagkaroon ito ng buhay.

Gumawa ang Panginoong Diyos ng isang halamanan sa Eden, at doon dinala ang taong Kanyang nilalang. Pinatubo Niya roon ang lahat ng uri ng punongkahoy na magagandang pagmasdan at masasarap ang bunga. Sa gitna ng halamanan ay naroon ang punongkahoy na nagbibigay-buhay, at gayundin ang punongkahoy na nagbibigay-kaalaman tungkol sa mabuti at masama.

Inilagay ng Panginoong Diyos ang tao sa halamanan ng Eden upang ito'y pagyamanin at pangalagaan. Sinabi Niya sa tao, "Makakain mo ang alinmang bungangkahoy sa halamanan, maliban sa bunga ng punongkahoy na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Huwag na huwag mong kakainin ang bungang iyon, sapagkat sa araw na kainin mo iyon ay mamamatay ka."

- Saan inilagay ng Diyos ang tao pagkatapos Niya itong likhain?

  ______________________________________________

- Ano ang sinabi ng Diyos sa tao patungkol sa pagkain ng mga bunga sa hardin?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Ano ang mangyayari sa tao kapag sinuway niya ang utos ng Diyos?

  ______________________________________________

**PAG-USAPAN:**
**Ano ang ibig-sabihin ng kalayaang pinagkaloob ng Diyos sa tao?**



Maraming klaseng punongkahoy ang nasa Eden. Maraming pagpipilian. Sinabi ng Diyos kay Adan na maaari siyang kumain ng prutas ng kahit anong puno sa Eden maliban lamang sa puno ng kaalaman ng mabuti at masama, sapagkat sa araw na siya ay kumain nito, siya ay tiyak na mamamatay. May boundary.

Ang kalayaang binigay ng Diyos sa tao ay nakapaloob sa kalooban ng Diyos. In other words, may limitasyon. Hindi pwedeng lumampas sa boundary na naka-set na. At ito ay niliwanag ng Diyos noong simula pa lamang.

Tayo ay nilikha ng Diyos na malaya, subalit hindi tayo nilalang upang gumawa ng sariling batas na sasakop sa ating pamumuhay ng walang pananagutan sa Diyos. Hindi rin ibig sabihin nang kalayaang tinamo natin sa Diyos ay magagawa na natin ang anumang naisin natin.

Dahil sa nais ni Marie na siya ay tanggapin ng kanyang mga kaklase at ng kanyang mga itinuturing na kaibigan, nag-isip siya ng paraan kung paano niya ito magagawa. Si Marie ay isang babaeng may kagandahang taglay kaya't nang isang araw na siya ay naglalakad pauwi, may isang lalaking lumapit sa kanya. Tinanong siya nito kung gusto niyang magkapera? Si Marie ay nagulat ngunit natuwa. Naisip niya agad na kung siya ay may pera, makakabili na siya ng mga bagay na nais niya at siya ay matatanggap na ng kanyang mga kaklase at mga kaibigan. Sumagot si Marie sa lalaki, “Opo, ano pong trabaho?” Sinabi ng lalaki na makikipag-date lamang siya sa lalaking ipakikilala niya sa kanya at ibigay ang gusto ng mga ito at siya ay kikita ng malaking pera sa madaling paraan. Si Marie ay hindi agad nakasagot sa lalaki. Kaya't iniwanan ng lalaki si Marie ng isang calling card. At kapag siya ay nakapagdesisyon na tatawagan lamang niya ang lalaki.

Pag-alis ng lalaki, pinag-iisipan ni Marie kung tatanggapin ba niya ang offer ng lalaki upang siya ay magkapera o hindi. Sa likod ng kanyang isipan, ito ay mali at maaaring mapahamak siya. Ano kaya ang kanyang gagawin?

Si Marie ay may kalayaang mamili. Sa inyong palagay, ano kaya ang gagawin o pipiliin ni Marie? Tatanggapin kaya niya ang trabahong inaalok ng lalaki o tatanggihan niya ito? Ipaliwanag ang iyong sagot.

________________________________________

________________________________________

________________________________________



Katulad ng sitwasyon nina Adan at Eba sa Hardin ng Eden, si Marie ay may kalayaan ding mamili kung ano ang kanyang gagawin o pipiliin. Ating tandaan na ang tao ay nilikhang malaya subalit may pananagutan sa Diyos. Ang mayroon tayo ay freedom to make choices that had been made available to us. Tulad ng pagpitas ng mga prutas sa Garden of Eden.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Kung ikaw ang nasa sitwasyon ni Marie, ano ang iyong pipiliin? At bakit?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Paano mo gagamitin ang iyong kalayaan bilang isang mamamayan na magbibigay puri sa Diyos?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutuhan ko na | Ang aking depinisyon ng kalayaan ay: |
| | Binigyan ka ba ng Diyos ng pananagutan sa buhay, dahil: |

**Verse of the Day:**

Mabuhay kayong tulad ng mga taong malaya, subalit huwag ninyong gawing dahilan sa paggawa ng masama ang inyong kalayaan. Sa halip, mamuhay kayo bilang mga alipin ng Diyos. ***1 Pedro 2:16***